7

# Alamin ang Islam sa loob ng 5 minuto




Tagalog

Maaaring ikaw ay nagtataka, ano ang sekreto ng relihiyon na ito na lumalaganap sa lahat ng lugar? Ano ang katotohanan nito? Ano ang nagiging dahilan upang ang mga tao ay tanggapin ito nang buong pagmamahal at paniniwala?

At ang sagot: Katiyakan na ito ay relihiyon ng Allah, na sumasang-ayon sa likas na pagkakalikha sa tao, at naibibigay nito ang pangangailangan ng kanyang kaluluwa at katawan.

Ang Islam ay ang pagsuko at pagpapasailalim sa Allah na Panginoon ng sanlibutan at ang pagtalima sa Kanyang mga kautusan, at paglayo sa Kanyang mga ipinagbawal. Ito ang relihiyon na ikinalugod ng Allah para sa lahat ng tao kahit na magkakaiba ang kanilang lahi, kulay at wika. At iyon ay ang relihiyon ni Adam, Nuh, Ibrahim, Musa, Eisa at Muhammad —sumakanila nawa ang pagpapala ng Allah at kapayapaan-.

Ang Islam ay relihiyon na dakila na nagsasaklaw ng doktrinang dalisay, matayog na mga pag-uugali, mga pagsambang dalisay at mga mahuhusay na pakikitungo na nag-aayos ng ugnayan ng tao sa kanyang Panginoon at ugnayan niya sa kanyang pamilya, mga indibidwal sa pamayanan at lahat ng tao.

Itinatag ang Islam sa limang mga pangunahing haligi, na hindi magiging tama ang Islam at hindi magiging katanggap-tanggap kapag wala ang mga ito. Ang Islam ay tulad ng isang gusali, ang mga haliging ito ay matatag na mga haligi kung saan itinatayo ang dakilang gusaling ito.

Ang mga haligi ng Islam ay lima at ito ay:
(Pagsaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin liban sa Allah at si Muhammad ay Sugo ng Allah, pagtataguyod ng Salah (pagdarasal), pagbibigay ng Zakah (obligadong kawang-gawa), pag-ayuno sa Ramadhan at pagsagawa ng Hajj sa Bahay-Sambahan (Ka'bah).)

1

## *Ang Unang Haligi:*
## *Ang dalawang pagsaksi:*

Paniniwalaan mo sa pamamagitan ng iyong puso, kikilalanin mo sa pamamagitan ng iyong dila at bibigkasin mo ang:

"Ash-hadu al-la ilaha illallah, wa anna Muhammadar-Rasulullah" (Ako ay sumasaksi na walang ibang tunay na diyos na karapat-dapat sambahin liban sa Allah at si Muhammad ay sugo ng Allah)

Nangangahulugan: Wala akong ibang sasambahin liban sa Allah, siya ang nag-iisang Diyos na may karapatan na sambahin, at ang ibang mga diyus-diyosan na sinasamba ng mga tao ay hindi totoo na walang karapatan na sambahin.

Ang Allah, Siya ang nagbababa ng ulan para sa atin mula sa langit, at ipinapalabas Niya ang mga pananim mula sa ilalim ng lupa, at ang mga bulaang diyos ay walang kakayanang gawin ang anumang bagay mula rito sinabi ng Allah: (At ang lahat ng iyong mga nakikita ay nilikha ng

Allah, na kung kaya, ipakita ninyo sa Akin, O kayo na mga Mushrikun — nagtatambal o sumasamba ng iba bukod sa Allah, kung ano ang nilikha ng inyong mga diyus-diyosan na sinasamba bukod sa Allah. Subalit ang mga silang nagtatambal ay nasa kaligawang malinaw) *Al-Qur'an 31:11*



Napagmuni-munihan mo na ba ang iyong sarili? Ang mga parte sa loob at labas ng iyong katawan? Ang iyong utak, puso, nervous system, at lahat ng mga sistema sa iyong katawan? Kaya ba ng sinuman sa sanlibutang ito na mag-angkin na siya ang lumikha rito? Walang sinuman liban sa Allah na Kataas-taasan.

Ang Allah ang Siyang nararapat na ating sambahin. Siya ay ating minamahal mula sa lahat ng ating puso, isasakatuparan natin ang Kanyang mga kautusan, ilalapit natin ang ating mga sarili sa Kanya sa pamamagitan ng iba't

ibang uri ng pagsamba, at lalayuan natin ang lahat ng mga ikinagagalit Niya at hindi Niya kinalulugdan.

At ang pagsaksi mo na si Muhamamd ay Sugo ng Allah: Pinili siya ng Allah sa lahat ng mga tao, ipinahayag ng Allah sa kanya ang relihiyon at Qur'an, at iniutos sa kanya na iparating ito sa lahat ng nilalang.

At siya ang pinakaganap sa mga tao at ang pinakamamahal ng Allah. At tunay na siya ay kilala ng lahat ng nakapaligid sa kanya, maging ang kanyang mga kalaban sa katapatan at pigiging mapagkakatiwalaan, hanggang sa siya ay kanilang bansagang "Al-Ameen" (Ang mapagkakatiwalaan).

Kaya dahil dito, obligado ang paniniwala sa kanya sa lahat ng kanyang mga sinasabi; sapagkat kanyang ipinararating ang nagmumula sa Allah, at obligado na siya ay sundin sa kanyang mga ipinag-uutos at ipinagbabawal, at ang pagsunod sa kanya ay pagsunod sa Allah.

## 2 Ang ikalawang Haligi: Ang pagtaguyod ng Salah (Pagdarasal):

Ang Salah ay ang tuluy-tuloy na ugnayan sa pagitan ng alipin at ng kanyang Tagapaglikha, at ito ay ang mga salita at mga gawa na natatangi, na lumalapit ang alipin sa pamamagitan nito tungo sa kanyang Panginoon, at itinataguyod ito ng tao nang limang beses araw-araw.

Ang tao ay alipin ng kanyang Panginoon, kinakailangan niya palaging magpakababa sa Kanya, manalangin, makipag-usap, idunog sa Kanya ang mga hinaing na nagpapahirap sa kanya, at hilingin mula sa Kanya ang mga bagay na inaasahan niyang makakamit niya.

At bago niya isagawa ang Salah, kailangan niya munang maglinis at hugasan ang mga parte ng katawan na hinuhugasan bilang paghahanda sa pagdarasal.

Pagkatapos ay haharap siya sa Qiblah (Ka'bah) at bibigkasin ang Takbeer (Allahu Akbar), at magbabasa ng anuman mula sa Qur'an, pagkatapos ay mag-Ruku' (yuyuko) at mag-Sujud (papatirapa) at gagawin niya ang lahat ng mga gawain sa Salah at sabihin ang mga Dhikr (natatanging mga pag-aalaala at pagdakila sa Allah) nito.

Ito ay gagawin ng limang beses araw-araw: sa Fajr, Dhuhur, ‘Asr, Magrib at Isha’




Kabilang sa kabutihang naidudulot ng Salah ay ang paglapit ng alipin sa kanyang Panginoon at ginagawa siya nitong tuluy-tuloy na pagbantay sa kanya, kaya sinasamba niya ang Allah na parang nakikita niya ang Allah, at kung hindi mangyari sa alipin na makita ang kanyang Panginoon, katiyakang ang kanyang Panginoon ay nakikita siya.

Ang Salah ay nagbibigay sa mananampalataya ng lakas ng kaluluwa at tumutulong sa kanya upang harapin ang mga kahirapan sa pamumuhay sa mundo; dahil dito, si Muhammad na Sugo ng Allah ﷺ, kapag nangyari sa kanya ang kagipitan o may nakaharap na mahirap na bagay ay nagmamadali siya upang magsagawa ng Salah.

## 3 *Ikatlong Haligi:*
## *Pagbibigay ng Zakah (Obligadong Kawang-gawa):*

Ang Zakah ay isang sistema ng pagkakaisa sa lipunan, at ito ay isang tiyak na porsyento mula sa kayamanan na aabot ang sukat sa 2.5%, na ang mayayaman ay magbibigay nito sa mga mahihirap at mga nangangailangan bilang tulong sa kanila.

Ang mahirap ay may karapatan mula sa kayamanan ng mayaman. At hindi kabilang sa karapatan ng mayaman na mapasakanya ang lahat ng kayamanan at ito ay ipagkakait niya sa mga nangangailangan na walang kakayanang kumita.

Ang Zakah ay dinadalisay ang sarili ng mayaman mula sa pagkakuripot, pagkamakasarili at labis na pagsisikap sa

kayamanan, at sinasanay nito ang tao sa pagtustos at pagbibigay na nagiging dahilan ng kaligayahan at maginhawang puso.

At sa tuwing iniaabot niya ang kanyang kamay sa pagbibigay

sa nangangailangan at nakikita niya ang ngiti sa mukha nito, makakaramdam siya ng kaginhawaan sa sarili at labis na kaligayahan sapagkat siya ay naging dahilan ng kaligayahan ng ibang tao.

Gayundin ay dinadalisay ng Zakah ang sarili ng mahirap mula sa pagkainggit at pagkapoot. Sapagkat ang mahirap, sa tuwing makikita niya ang mayaman na nagbibigay sa kanya at pinangangalagaan siya, katiyakan na hinding-hindi siya mag-iisip na siya ay kaiinggitan o gumawa ng masama sa kanyang kayamanan.

Bagkus hahangarin niya para sa kanya na madagdagan pa ang kanyang kayamanan at madagdagan ang tulong sa kanya mula sa mayaman; sapagkat siya mismo ay nakikinabang mula sa kayamanang ito.

Ang Zakah ay ginagawang malaya ang mahirap mula sa kababaan sa mga mayayaman at naggagarantiya ito para sa kanila ng marangal na pamumuhay; sapagkat ang mahirap, sa tuwing makukuha niya ang Zakah, nararamdaman niya na kinukuha niya ang kanyang karapatan na inobliga ng Allah sa kanya, walang kahihiyan sa kanya sa pagkuha niya ng karapatang ito. Sinabi ng Allah: (At ang mga yaong nagbukod ng nakatakdang bahagi mula sa kanilang yaman na ipinag-utos ng Allah sa kanila, na ito ay obligadong kawanggawa (´Zakah´) na ibinibigay sa mga nangangailangan: Kahit alinman sa dalawa sa nanghihingi at hindi nanghihingi) *Al-Qur´an 70:24-25*



## 4 Ikaapat na Haligi: Pag-aayuno sa Ramadhan:

- Pag-aayuno sa Ramadhan, ito ay ang pagpigil ng tao mula sa pagkain, pag-inom at pakikipagtalik bawat araw mula Fajr hanggang Magrib sa loob ng isang buwan sa isang taon, at ito ay buwan ng Ramadhan.

- At ang pag-aayunong ito ay tinuturuan ang tao sa pag-obserba ng kanyang Panginoon sa kanya, pagsakatuparan ng Kanyang mga kautusan, pag-iwan ng Kanyang mga ipinagbabawal kahit na siya ay malayo sa paningin ng mga tao. Kaya makikita mo ang Muslim na dalisay ang hangarin sa kanyang mga gawain, kahit na walang mga nakabantay na camera na sumusubaybay sa kanyang mga galaw.

- At ang pag-aayuno ay nagbibigay sa tao ng lakas na sikolohikal, nagbibigay ng kakayanan na kontrolin ang kanyang mga ninanais at pagnanasa, at sinasanay ang Muslim na huminto sa pagkagumon sa mga pinahihintulutang pagkain at inumin, at ang pagkaalipin niya ay para sa Allah at hindi para sa mundo at kasiyahan nito.

- Dinidisiplina ng pag-aayuno ang tao sa pagtitiis at lakas ng kalooban. Kaya yaong nakakayanan niyang manatili sa loob ng labing-apat na oras na hindi umiinom kahit na isang patak ng tubig kahit na labis ang init, at hindi kumakain ng kahit na isang butil ng pagkain kahit na labis ang pagkagutom. Walang pag-aalinlangan na siya ay taong may malakas na kalooban at dakilang pagtitiis.

- Ang pag-aayuno ay dinidisiplina ang mga tao sa pagkakaisa sa lipunan, dahil sa tuwing makakaramdam ang mayaman ng init ng pagkagutom, ay nararamdaman niya ang mahirap na nagugutom. Kaya magbibigay siya mula sa kanyang kayamanan at pagkain bilang tulong sa kanya; sapagkat naramdaman niya ang tulad nito sa pamamagitan ng sakit ng pagkagutom.

- Ang pag-aayuno ay may mahusay na mga benepisyo sa kalusugan, dahil ito ay isang pagkakataon upang maipagpahinga ang sistema ng pagtunaw, at makatulong na mapanatili ang balanse ng likido sa katawan.

## 5 Ikalimang Haligi: Ang Hajj sa Banal na bahay sambahan (Ka'bah):

- Ang Hajj ay isang paglalakbay sa pamumuhay ng tao, kung saan isinasagawa ito ng Muslim na ang pinakamababa ay isang beses lamang sa kanyang buhay upang isagawa ang mga ritwal sa Hajj sa loob ng limang araw.

- Sa Hajj ipinapakita ang pagkakaisa ng mga Muslim kung saan sila nagkakakilanlan o nagkakasalubong kahit na sila ay mula sa iba't ibang lahi, iba't ibang lugar at iba't ibang wika na sila ay nagkakasalubungan sa iisang lugar at nagsusuot ng isang uri ng kasuotan.

- Itinuturo sa kanila ng Hajj ang kaayusan, pagkakaisa at pagmamahalan sa pagitan nila. Kaya walang pinagkaiba sa kanilang pagitan ang mayaman at mahirap, ang pinuno at pinamumunuan, at ang malakas at mahina. Silang lahat ay parehong nasa iisang lupa na ginagawa ang natatanging pagsamba.

At ito ay isang praktikal na aplikasyon at taunang ginagawa na isa sa mga pangunahing prinsipyo sa Islam na dakila: Katiyakan na walang kainaman ang maputi sa maitim at ang arabo sa hindi arabo liban sa pagkatakot sa Allah; at dahil dito ay kinalaban ng Islam ang rasismo at pananakot sa ibang mga tao.



DISCOVER AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com

@AlislamDiscover

**I-CLICK ANG ICON**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika